intersex Asia

ASIAN INTERSEX STATEMENT 2023

Pampublikong Pahayag ng Asian Intersex sa taong 2023



“Ipinagtatanggol Namin ang Karapatang Pantao ng mga Intersex sa Asya”



Ang ikatlong Asian Intersex Forum, na sinuportahan ng Intersex Human Rights Fund, ay idinaos sa Bangkok, Thailand noong ika-25 hanggang ika-26 ng Oktubre 2022. Dito nagtipon ang dalawampu't dalawang intersex na indibidwal na kumakatawan sa mga organisasyon at komunidad ng mga intersex mula sa India, Indonesia, Nepal, Pakistan, Pilipinas, Taiwan, Thailand, Mongolia, at Japan.

Ang intersex ay isang pangkalahatang terminong ginagamit upang ilarawan ang malawak na saklaw ng likas na pagkakaiba-iba ng ating mga katawan. Sa ilang pagkakataon, nakikita na sa pagsilang ang mga katangiang intersex, samantalang sa iba naman, hindi nakikita ang mga ito hanggang sa edad ng kabaguntauhan o puberty. May ilan ding intersex variation na may kaugnayan sa mga kromosoma at maaaring hindi nakikita sa pisikal na anyo. Ang mga taong intersex ay ipinanganak na may mga pagkakaiba sa kanilang mga katangiang seksuwal o sex characteristics (tulad ng mga ari, reproductive organs, hormonal patterns, at chromosomal patterns) na higit na mas malawak kaysa sa mga tipikal na depinisyon ng katawan ng lalaki o babae. Tinatayang 1.7% ng pandaigdigang populasyon ang ipinanganganak na may ganitong mga katangian; gayunpaman, dahil itinuturing na naiiba ang kanilang mga katawan, ang mga batang intersex at mga intersex na nasa hustong gulang ay madalas makaranas ng stigma, diskriminasyon, at mga mapaminsalang gawai, kabilang na ang mga isinasagawa sa mga institusyong medikal.

Panimula

“Aming pinagtitibay na tunay ang mga taong intersex, at kami ay umiiral at namumuhay sa lahat ng rehiyon at bansa sa buong mundo, kabilang ang lahat ng bansa sa Asya. Samakatuwid, dapat suportahan ang mga taong intersex upang manguna sa mga pagbabagong panlipunan, pampulitika, pang-ekonomiya, at pambatas na may kaugnayan sa kanila.

Kami ay mga aktibistang intersex na kumakatawan sa iba't ibang rehiyon sa Asya, nagtutulungan upang wakasan ang diskriminasyon, karahasan, at mga mapaminsalang gawain laban sa mga batang intersex at mga taong intersex na nasa hustong gulang, gayundin upang itaguyod ang kanilang mga karapatang pantao.”

Mga Hinaing

1 Pagprotekta sa awtonomiya ng mga taong intersex sa kanilang sariling katawan

1. Na kilalanin ang mga katangian o baryasyong pang-intersex bilang mga katangiang seksuwal at hindi bilang mga karamdaman.
2. Na tiyakin ang kapakanan at integridad sa pangangatawan ng mga taong intersex.
3. Na tiyaking ang mga taong intersex ay makatatanggap, sa buong buhay nila at batay sa kanilang sariling pangangailangan, ng non-pathologizing at intersex-affirmative na psychosocial at peer support, na dapat ding maging bukas sa kanilang mga magulang o tagapangalaga.
4. Na protektahan ang karapatan ng mga taong intersex sa pagkapribado at dignidad habang nakikitungo sa mga institusyong sibil at panlipunan, tulad ng mga ospital, paaralan, awtoridad sa imigrasyon, at mga tanggapan ng pamahalaan.
5. Na magbigay ng bayad-pinsala sa mga taong intersex na pinilit na sumailalim sa mga hindi kinakailangan at walang pahintulot na interbensyong medikal at nakararanas ngayon ng mga suliraning pangkalusugan dahil sa mga ito.

Mga Hinaing

2 Pagprotekta sa mga taong intersex laban sa diskriminasyon sa lahat ng larangan

1. Na protektahan ang mga taong intersex laban sa diskriminasyon sa pamamagitan ng pagdaragdag ng mga katangiang sekswal bilang isa sa mga batayan ng mga batas laban sa diskriminasyon, at protektahan sila mula sa mga karahasang interseksyonal habang sila ay nakikitungo sa mga institusyong sibil at panlipunan, tulad ng mga ospital, institusyong pang-edukasyon, awtoridad sa imigrasyon, at mga tanggapan ng pamahalaan. Bukod dito, dapat baguhin ang mga batas na nagpapahintulot ng diskriminasyon batay sa mga katangiang sekswal.
2. Na tanggalin ang stigma na nakakabit sa mga salitang tumutukoy sa intersex.
3. Na tiyakin ang pagbibigay halaga sa paggamit ng mga wastong panghalip sa mga aspeto ng komunikasyon, lalo na sa mga institusyong pang-edukasyon at lugar ng trabaho, upang epektibong kilalanin ang mga taong intersex.
4. Na protektahan ang mga taong intersex laban sa diskriminasyon sa trabaho, at tiyaking inklusibo sa mga taong intersex ang mga patakaran laban sa seksuwal na pang-aabuso.
5. Na tiyakin na protektado ang mga taong intersex laban sa pang-aabuso habang sumasailalim sa mga pagsusuring panseguridad at pang-imigrasyon sa mga paliparan kapag naglalakbay sa loob man o labas ng bansa.
6. Na kilalanin ang mga pangangailangan ng mga intersex na refugee laban sa diskriminasyon at karahasan, gayundin ang kanilang pangangailangan para sa angkop at intersex-affirmative na psychosocial support.
7. Na tiyaking may pantay at hindi mapandiskriminang legal na proteksyon para sa mga taong intersex sa ilalim ng mga batas ukol sa kasal at pag-aampon.

Mga Hinaing

3 Pagbibigay serbisyong pangkalusugan na intersex-affirmative

1. Na kilalanin na ang seksismo, medikalisasyon, dehumanisasyon, at stigma sa mga taong intersex ay nagdudulot ng matinding trauma at suliranin sa kanilang mental health.
2. Na tiyakin ang sapat ang pagsasanay para sa mga healthcare providers na may mahalagang tungkulin sa pangangalaga sa kalusugan at kapakanan ng mga taong intersex.
3. Na maglaan ng mga alituntunin para sa mga healthcare providers na nakabatay sa karapatang pantao at naglalayong matiyak na ang mga pangangailangang pangkalusugan ng mga taong intersex sa lahat ng uri ng pagsusuri ay tinutugunan sa isang marangal at magalang na paraan, kabilang ang pagpapanatiling kumpidensyal ng kanilang impormasyon.
4. Na maglaan ng malalapitang intersex-affirmative healthcare na tumutugon sa mga pangangailangan at suliranin ng mga taong intersex kaugnay ng kanilang pisikal na kalusugan at mental health.
5. Na maglaan ng listahan ng mga intersex-affirmative na espesyalistang departamento, propesyonal na medikal, at institusyong tumutugon sa mga usaping pangkasarian at may kaugnayan sa mga katangiang seksuwal sa pambansa at lokal na antas, upang madaling matanggap ng mga taong intersex at ng kanilang mga pamilya ang mga angkop na pangangalagang pangkalusugan.
6. Na maglaan ng subsidized Universal Healthcare Insurance para sa mga taong intersex. Kasama rito ang pagbibigay sa mga pribadong insurance providers ng mga alituntunin sa pagbuo ng mga polisiya sa health insurance para sa mga taong intersex.
7. Na tiyaking regulated, abot-kaya, at makatwiran ang presyo ng mga medikal na pagsusuring may kaugnayan sa mga katangian o variation ng intersex sa mga pribadong laboratoryo.
8. Na tiyakin ang pagkakaroon ng mga abot-kayang gamot na kailangan ng mga taong intersex.
9. Na maglaan ang pamahalaan ng Universal Health Coverage para sa mga taong intersex, na sumasaklaw sa kanilang diagnosis at paggamot.

Mga Hinaing

4 Inklusibong Edukasyon

1. Na isama sa antenatal counseling at support ang edukasyong nakabatay sa mga karapatang pantao tungkol sa intersex.
2. Na maglaan ng edukasyong nakabatay sa mga karapatang pantao upang bigyang-kakayahan ang mga taong intersex at kanilang mga pamilya.
3. Na maglaan ng komprehensibong edukasyon sa seksuwalidad sa lahat ng antas ng edukasyon na may marangal na pagtalakay sa mga taong intersex at sa kanilang mga karanasan sa buhay.
4. Na baguhin ang basic sexuality education curriculum at tiyaking inklusibo ito sa pamamagitan ng pagsasama ng impormasyon tungkol sa mga taong intersex at sa mga karapatan kaugnay ng SOGIESC.
5. Na ipatupad ang mga mabisang modyul sa pagsasanay para sa mga institusyong pang-edukasyon upang matiyak na nauunawaan ng mga guro ang mga terminong pagkakakilanlan ng kasarian o "gender identity" at katangiang seksuwal o "sex characteristics", gayundin ang pagkakaiba ng mga ito.
6. Na baguhin ang kurikulum ng mga institusyong medikal upang isama rito ang mga hamon na kinakaharap ng mga taong intersex sa pagkuha ng pangangalagang pangkalusugan, gayundin ang mga karapatan kaugnay ng SOGIESC.

5 Pagpaparehistro sa kapanganakan ng mga sanggol na Intersex

1. Na maglaan ng mga hiwalay at pare-parehong alituntunin para sa pagpaparehistro ng mga sanggol na intersex nang hindi nililimitahan ang kanilang pagpaparehistro sa kategoryang babae o lalaki, habang kinikilala na sa kanilang paglaki ay maaaring magkaroon sila ng ibang pagkakakilanlan sa sariling kasarian, tulad ng sinumang tao.

Mga Hinaing

6 Paglalaan ng legal na pagkilala sa mga katangiang intersex sa lahat ng antas

1. Na tiyaking natatamasa ng mga taong intersex ang lahat ng karapatang pantao at mga karapatan bilang mamamayan.
2. Na tiyakin na susuportahan, lalahukan, at paninindigan ng pamahalaan ang mga pahayag na inilabas sa mga pandaigdigang forum bilang tugon sa mga hinaing ng mga taong intersex.
3. Na maglaan ang pambansang pamahalaan ng pondo para sa pagsulong at proteksyon ng komunidad ng mga taong intersex.
4. Na kilalanin na ang pagiging intersex ay nauugnay sa mga biyolohikal na katangiang sekswal (sex characteristics) at naiiba sa oryentasyong sekswal (sexual orientation) o pagkakakilanlang pangkasarian (gender identity) ng isang tao. Maaaring magkaroon ang isang taong intersex ng iba't ibang seksuwal na oryentasyon at pagkakakilanlang pangkasarian at maaaring kilalanin ang sarili bilang lalaki, babae, o non-binary.
5. Na tiyaking maaaring baguhin ang legal na klasipikasyon ng kasarian sa pamamagitan ng simple, libre, at administratibong proseso, ayon sa kahilingan ng taong kinauukulan. Ang lahat ng nasa hustong gulang at menor de edad na may sapat na kakayahan ay dapat na makapili sa pagitan ng babae (F), lalaki (M), non-binary o iba pang opsyon. Sa hinaharap, tulad ng lahi o relihiyon, ang kasarian ay hindi dapat maging isang kategorya sa mga sertipiko ng kapanganakan o anumang dokumento ng pagkakakilanlan ng sinuman.
6. Na wakasan ang mga sex verification tests na lumalabag sa pagkapribado at sa dignidad ng mga taong intersex, at tiyaking makakalahok sila sa lahat ng antas ng pampalakasan, alinsunod sa kanilang legal na kasarian. Ang mga atletang intersex na dating napahiya o natanggalan ng kanilang mga titulo ay dapat makatanggap ng bayad-pinsala at maibalik sa kanila ang mga titulong ito.
7. Na bigyan ng pampulitikang representasyon ang mga taong intersex kabilang ang kanilang paglahok bilang kandidato sa lahat ng antas ng halalan at iba pang mga kaganapang pampulitika.
8. Na kilalanin at protektahan ang interseksiyonal na pagkakaiba-iba ng mga taong intersex, kabilang ang mga taong may kapansanan at mga sektor na napag-iiwanan sa lipunan at edukasyon, at magtatag ng mga mekanismo na pumoprotekta sa kanilang mga pangangailangan.
9. Na bumuo ng mga patakaran para sa mga migranteng manggagawa na may mga katangiang intersex upang matiyak ang kanilang inklusyon at proteksyon bilang bahagi ng komunidad ng mga taong intersex.

Mga Hinaing

7 Pagsasaayos at pangangasiwa sa mga medikal na gawain, pamamaraan, at mga practitioner ng medisina

1. Na wakasan ang 'mutilating' at ang 'pagsasanormal' na mga gawain sa katawan, gaya ng pag-opera sa ari, pisyolohikal at iba pang medikal na interbensyon, kabilang ang pagbibigay ng gamot para sa pagpili ng kasarian, sa pamamagitan ng pagpapatupad ng batas at iba pang hakbang. Dapat bigyang-kakayahan ang mga taong intersex na magpasya para sa kanilang sariling katawan, pisikal na awtonomiya, at pagpapasya sa sarili.
2. Na wakasan ang mga hindi kinakailangan, hindi nakabubuti, at mapaminsalang mga medikal na pagsusuri sa mga taong intersex, at tiyaking tinatrato sila nang may dignidad.
3. Na alisin ang pagtingin sa mga katangiang seksuwal bilang karamdaman sa mga medikal na kasanayan, mga alituntunin, protocol at klasipikasyon, tulad ng International Classification of Diseases ng World Health Organization.
4. Na wakasan ang preimplantation genetic diagnosis, prenatal screening at mga interbensyon, at selective abortion ng intersex fetus.
5. Na maglaan ng inklusibong impormasyon tungkol sa usaping intersex na nakabatay sa karapatang pantao para sa mga taong nanganganak upang sila ay matuto tungkol sa kalagayan ng mga intersex na sanggol at sa mga karanasan ng mga taong intersex. Kasama rin ang mga impormasyon na makatutulong sa kanila na tanggapin at pangalagaan ang isang bagong silang na sanggol na intersex.
6. Na maglaan ng mapangasiwang mekanismo para sa aborsyon, na isinasaalang-alang ang proteksyon at karapatang pantao ng mga taong intersex. Makatutulong ito sa pagwawakas sa diskriminasyon laban sa mga taong intersex at sa pagwawakas ng intersex infanticide.
7. Na sanayin ang mga nars at mga medikal na practitioner upang suportahan at protektahan ang integridad ng katawan ng mga sanggol na intersex.
8. Na palawakin ang kamalayan ng mga institusyong medikal tungkol sa mga pangangailangan sa pisikal at mental na kalusugan ng mga taong intersex, at maglaan ng intersex-affirmative healthcare na tumutugon sa mga pangangailangang alinsunod sa pisikal at mental na kalusugan, sa mga isyu ng mga taong intersex, at tiyaking malaya silang makakakuha ng mga serbisyo sa mga ospital nang walang sagabal o diskriminasyon.

Mga Hinaing

8 Akses sa Katarungan at Redressal of Grievances

1. Na wakasan ang pagpatay at pag-abandona sa mga sanggol na intersex, gayundin ang tinatawag na "honour killing" o pagpatay sa ngalan ng dangal, laban sa mga taong intersex sa pamamagitan ng mga epektibong batas at mekanismo para sa proteksyon.
2. Na isama ang mga taong intersex sa saklaw ng mga batas na nagbibigay-proteksiyon laban sa seksuwal na karahasan, hate speech, at iba pang anyo ng diskriminasyon tulad ng seksismo, patriyarkiya, ableism, at racism.
3. Na maglaan ng sapat na pagkilala sa mga pagdurusa at kawalang-katarungang dinanas ng mga taong intersex at magbigay ng angkop na remedyo, kabayaran, akses sa katarungan, at karapatan sa katotohanan.
4. Na maglaan ng ligtas na mekanismo para sa pag-uulat ng mga paglabag sa mga karapatang pantao ng mga taong intersex at maagap na tugunan ang mga ito.
5. Na tiyaking haharapin ng pulisya nang walang anumang diskriminasyon ang mga grievances o reklamo ng mga taong intersex at dapat ding bumuo ng mga tiyak na patakaran para sa proteksiyon ng mga taong intersex upang maiwasan ang anumang pang-aabuso ng kapangyarihan ng mga opisyal ng pulisya.

9 Pangongolekta ng Datos: Pagtugon sa mga Kakulangan sa Pananaliksik

1. Na tiyakin na ang mga taong intersex ay may karapatan sa kumpletong impormasyon at akses sa sarili nilang medikal na rekord at kasaysayan mula sa kanilang kapanganakan.
2. Na tiyakin ang wastong pagsasama sa mga taong intersex sa opisyal na estadistika na kinokolekta ng pamahalaan, kabilang ang pambansang sensus, upang ang mga taong intersex ay maisama sa mga serbisyo at programa tulad ng social welfare, social security, citizenship, agarang suporta, at iba pa.
3. Na maglaan ng mekanismo para sa pangangalap ng datos na may kaugnayan sa mga taong intersex upang matiyak na naipatutupad at napakikinabangan nila ang mga programa ng pamahalaan katulad ng social security, citizenship, at iba pa.
4. Na isulong ang pakikipagtulungan sa mga ahensiya ng edukasyon at pananaliksik upang mapunan ang mga kakulangan sa pananaliksik at impormasyon na may kaugnayan sa mga isyu ng mga taong intersex.

Mga Hinaing

10 Paghuhubog ng sensitisasyon at kamalayan sa mga isyu tungkol sa intersex

1. Na palawakin ang kamalayan ng komunidad at lipunan tungkol sa mga karapatang pantao at sa mga isyung may kaugnayan sa mga taong intersex.
2. Na lumikha at magtaguyod ng mga ligtas at sumusuportang espasyo na kumikilala at nagpapahalaga sa mga taong intersex, sa kanilang mga pamilya, at sa mga komunidad na kinabibilangan nila.
3. Na tiyakin na ang lahat ng pangunahing stakeholder na may mahalagang papel sa kapakanan ng mga taong intersex—tulad ng, ngunit hindi limitado sa, mga tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan, mga magulang at mga propesyonal na nagtatrabaho sa larangan ng edukasyon, at ang lipunan sa kabuuan— ay nabibigyan ng kaalaman tungkol sa mga isyu ng mga taong intersex batay sa karapatang pantao.
4. Na magsagawa ng sensitisasyon para sa mga opisyal ng pamahalaan, kabilang ang mga pulitiko, tungkol sa mga taong intersex upang magamit nila ang mga wastong termino sa pagsulat ng mga batas.
5. Na kinikilala, binibigyan ng sapat na mapagkukunan, at pinalalakas ang mga organisasyong intersex at mga grupong nagbibigay ng suporta sa mga taong intersex.
6. Na palawakin ang kaalaman ng mga mamamahayag at iba pang nagtatrabaho sa media tungkol sa mga taong intersex batay sa karapatang pantao, at tiyakin ang wasto at angkop na representasyon ng mga taong intersex sa media.
7. Na dagdagan ang representasyon ng mga taong intersex sa pamamagitan ng paghihikayat sa paggawa ng mga maikling pelikula at seryeng online na may kaugnayan sa mga karanasan ng mga taong intersex na nakabatay sa karapatang pantao upang mapalawak pangkalahatang kamalayan.
8. Na magsagawa ng sensitisasyon para sa mga miyembro ng LGBTQ+ community, upang kanilang maunawaan ang kahulugan ng mga taong may mga katangiang intersex.

Mga Hinaing

11 Karapatan sa Ari-arian at Pamana

1. Na wakasan ang mga gawain pumipilit sa mga batang intersex na sumailalim sa mga operasyong naglalayong'maisanormal' ang kanilang katawan bilang lalaki upang maging karapat-dapat sa na tumanggap ng mana.
2. Na tiyaking hindi ipagkakait sa mga taong intersex ang kanilang karapatang magmana dahil sa kawalan ng kakayahang magkaanak.

12 Pagsasama ng mga taong Intersex sa Emergency Policy Response

1. Na tiyaking isinasaalang-alang ng mga mekanismo at patakaran sa pagtugon sa emerhensiya ang mga taong intersex at ang kanilang mga suliranin. Halimbawa, dapat nagpatupad ng mga tiyak na hakbang upang tugunan ang mga suliraning naranasan ng mga taong intersex noong panahon ng COVID-19.
2. Na tiyakin isinasama ang mga taong intersex sa mga programang tumutugon sa mga kalamidad.

Panawagan

Batay sa mga nakasaad sa itaas, ang Asian Intersex Movement ay nananawagan sa:

Mga Institusyon para sa Karapatang Pantao

Mga pandaigdigan, panrehiyon, at pambansang institusyon para sa karapatang pantao na isama ang mga usapin tungkol sa mga intersex sa kanilang gawain at bigyan ang mga ito ng higit na pagkilala at pansin.

Antas ng Gobyerno

1. Mga pambansang pamahalaan na tugunan ang mga hinaing na inilatag ng Asian Intersex Movement at bumuo ng sapat at angkop na solusyon sa pamamagitan ng direktang pakikipagtulungan sa mga kinatawan at organisasyon ng mga taong intersex;
2. Mga pambansang pamahalaan na wakasan ang mga mapaminsalang gawain, tulad ng intersex genital mutilation, unconsented corrective surgery, pagpatay sa mga sanggol na intersex, at tinatawag na "honour killings" o pagpatay sa ngalan ng dangal laban sa mga taong intersex;

Mga Non-Governmental Organization at iba pang ahensya

1. Mga ahensiya at organisasyon ng media na tiyakin ang karapatan ng mga taong intersex sa pagkapribado at dignidad, gayundin ang wasto at etikal na representasyon sa kanila.
2. Mga lider sa komunidad na makibahagi sa pagbibigay ng edukasyon tungkol sa mga usaping intersex upang maalis ang mga maling paniniwala at stigma tungkol sa mga taong intersex.
3. Mga institusyong nagbibigay ng pondo na makipagtulungan sa mga intersex na organisasyon at suportahan sila sa kanilang pagsisikap na magkaroon ng higit na pagkilala, palawakin ang kanilang kakayahan at kaalaman, at itaguyod ang kanilang mga karapatang pantao.
4. Mga organisasyon para sa karapatang pantao na tumulong sa paguugnay sa iba't-ibang mga intersex na organisasyon at bumuo ng batayan para sa peer support at makabuluhang pakikipag-ugnayan. Dapat itong gawin sa diwa ng pagtutulungan, at walang sinuman ang dapat gumamit ng mga usapin tungkol sa mga intersex bilang kasangkapan para sa ibang layunin.

Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring makipag-ugnayan kina:

Hiker Chiu,
Executive Director of Intersex Asia, hiker@intersexasia.org

Prashant Singh,
Researcher & UN Advocacy Officer of Intersex Asia, prashant@intersexasia.org

Intersex Asia 2023

Intersex Asia
https://www.intersexasia.org
@intersexasia
@intersexasia